

County ng Santa Clara

Departamento ng Pampublikong Pangkalusugan

Opisyal ng Pangkalusugan
976 Lenzen Avenue, 2nd Floor
San José, CA 95126
408.792.3798



KAUTUSAN NG OPISYAL NG PANGKALUSUGAN NG COUNTY NG SANTA CLARA NA NANGANGAILANGAN NG PAGGAMIT NG MGA PANAKIP SA MUKHA SA LAHAT NG TAO SA LOOB

PETSA NG KAUTUSAN: Agosto 2, 2021

SA ILALIM NG AWTORIDAD NG KODIGO NG KALUSUGAN AT KALIGTASAN NG CALIFORNIA SEKSYON 101040, 101085, 120175, AT KODIGONG ORDINANSA NG SANTA CLARA COUNTY SEKSYON A18-33, INUUTOS NG OPISYAL NG PANGKALUSUGAN ("OPISYAL NG PANGKALUSUGAN") NG COUNTY NG SANTA CLARA:

1. **Background.** Ang Kautusang ito ay ginawa dahil sa kamakailang makabuluhang pagtaas ng mga kaso ng COVID-19 at mga naoospital sa Santa Clara County ("County"), dahil lalo na sa Delta variant ng SARS-CoV-2, ang virus na sanhi ng COVID-19. Ang lumalabas na ebidensiya ay nagpapahiwatig na ang Delta variant ay mas nakakahawa kaysa sa mga naunang variant ng virus, na maaaring magdulot ng mas malubhang sakit, at kahit na ang mga ganap na nabakunahang indibidwal ay makapagkalat ng virus sa iba. Ang U.S. Centers for Disease Control and Prevention (CDC) at ang California Department of Public Health (CDPH) ay parehong nagrerekomenda ngayon na ang lahat ng tao—anuman ang katayuan ng pagbabakuna—ay magsuot ng mga panakip sa mukha sa loob. Ang pagbabakuna ay nananatiling pinakamahasag at pinaka epektibong kasangkapan sa pagpigil ng COVID-19 at sa mga pinsala nito; ang ebidensiya ay nagpapakita na kahit sa Delta variant, ang mga ganap na nabakunahang indibidwal ay may mataas na proteksiyon laban sa malubhang sakit, pagpapaospital, at pagkamatay. Sa pagsaalang-alang ng mga opsyon upang pigilin ang mabilis na pagdami ng pagkalat ng COVID-19, ang patuloy na pagtaas ng proporsyon ng nabakunahang populasyon ay ang pinakamahasag na pamamaraan na available. Gayunpaman, ang pangkalahatang paggamit ng mga panakip sa mukha sa loob ay ang hindi pinakasagabal at ang pinakamabisang agarang karagdagang pamamaraan na dapat gawin.
2. **Ang Kinakailangang Paggamit ng mga Panakip sa Mukha sa Loob.**
 - a. Anuman ang katayuan ng pagbabakuna, lahat ng tao ay dapat magsuot ng mga panakip sa mukha sa lahat ng oras kapag nasa loob maliban sa:
 - (1) kanilang sariling tahanan o nagtatrabaho sa isang saradong silid o nag-iisa sa opisina o kasama ang mga miyembro ng kanilang sambahayan
 - (2) kapag sila ay aktibong gumagawa ng aktibidad na hindi magagawa habang nakasuot ng panakip sa mukha (hal., aktibong kumakain o umiinom,

lumalangoy o naliligo sa isang fitness facility, o kumukuha ng medikal o cosmetic na serbisyo na kinakailangang tanggalin ang panakip sa mukha); o,

- (3) na partikular na nakabukod mula sa paggamit ng mga panakip sa mukha sa ilalim ng patnubay ng CDPH sa <https://www.cdph.ca.gov/Programs/CID/DCDC/Pages/COVID-19/guidance-for-face-coverings.aspx> (hal. upang makipag-usap sa taong may kapansanan sa pandinig o kung saan ang panakip sa mukha ay nagdudulot ng panganib sa kaligtasan).

Para sa kalinawan, ang Kautusang ito ay hindi nagbabawal ng iba pang ligal na aktibidad ngunit sa halip ay nangangailangan ng paggamit ng mga panakip sa mukha sa loob hanggang sa ito ay maaaring gawin. Gayunpaman, lahat ng tao ay mariing hindi hinihikayat sa paggawa ng anumang aktibidad na nangangailangan ng pagtanggap ng mga panakip sa muka sa loob (hal., panloob na kainan), at sa halip ay hinihikayat na pumili ng mga mas ligtas na alternatibo (hal., panlabas na kainan). Kahit sa labas, inirerekomenda sa mga indibidwal na magsuot ng mga panakip sa mukha kung sila ay nasa mga lugar na may maraming tao.

- b. Dapat ipatupad ng lahat ng mga negosyo at entidad ng gobyerno ang kinakailangang ito sa panakip sa mukha sa lahat ng mga tauhan at para sa lahat ng mga customer o miyembro ng publiko na pumapasok sa kanilang mga pasilidad, anuman ang katayuan ng pagbabakuna. Ang lahat ng mga negosyo at entidad ng gobyerno ay dapat na magpaskil ng malinaw na nakikita at madaling basahin na palatandaan sa lahat ng mga pasukan para sa mga panloob na lugar upang ipagbigay-alam ang mga kinakailangan sa panakip sa mukha sa lahat ng mga taong pumapasok sa pasilidad. Bilang karagdagan, ang mga responsable para sa panloob na mga pampublikong lugar ay mariing hinihikayat na magbigay ng mga panakip sa mukha nang walang gastos sa mga indibidwal na wala nito kapag nakapasok.

3. **Ang Pagbabakuna ay ang Pinakamahusay na Paraan upang Mabawasan ang Panganib.** Ang pagbabakuna laban sa COVID-19 ay ang pinakamahusay na paraan upang maprotektahan ang taong nabakunahan mula sa impeksyon, pagpapaospital, o pagkamatay mula sa COVID-19, pati na rin upang maiwasan ang pinsala sa iba sa pagbawas ng panganib na mahawaan sa COVID-19. Samakatuwid, lahat ng mga kwalipikadong tao ay mariing hinihikayat na magpabakuna laban sa COVID-19 sa lalong madaling panahon.

4. **Mga Rekomendasyon mula sa Opisyal ng Pangkalusugan.** Hinihikayat ng Opisyal ng Pangkalusugan ang lahat ng mga negosyo at entidad ng gobyerno na sundin ang mga rekomendasyong nakasaad sa ibaba:

- a. Ang mga negosyo at entidad ng gobyerno ay dapat magpatupad ng mahigpit na ipinapatupad na mga kinakailangan sa pagbabakuna para sa lahat ng tauhan, napapailalim lamang sa limitadong mga pagbubukod na kinakailangan ng batas.

- b. Ang mga negosyo at entidad ng gobyerno ay dapat lumipat ng mga operasyon at aktibidad sa labas kung posible, kung saan may mas kaunting panganib sa pagkalat ng COVID-19. Kung hindi ito posible, dapat ipataas ang bentilasyon.
 - c. Dapat pagbawalan ng mga negosyo at entidad ng gobyerno ang lahat ng tauhan na hindi pa ganap na nabakunahan mula sa paggawa ng anumang pagbibiyaha na nauugnay sa trabaho sa mga lugar na may mataas na bilang ng COVID-19, na may malawak na sirkulasyon ng mga inaalalang variant, o kung saan ang bilang ng pagbabakuna sa komunidad ay mas mababa sa average sa rehiyon ng Bay Area.
 - d. Ang mga negosyo at entidad ng gobyerno ay dapat mangailangan sa lahat ng tauhang hindi pa ganap na nabakunahan na madalas na magpasuri para sa COVID-19 na naaayon sa kasalukuyang mga rekomendasyon ng lokal, estado, at pederal. Ang sinumang tao, nabakunahan o hindi nabakunahan, na mayroong anumang mga sintomas na naaayon sa COVID-19 ay dapat magpasuri kaagad.
5. **Mga kahulugan.** Para sa mga hangarin ng Kautusang ito, nalalapat ang mga sumusunod na kahulugan:
- a. Ang isang "Negosyo" ay kinabibilangan ng anumang for-profit, non-profit, o pang-edukasyon na entidad, isang entidad ng korporasyon man, samahan, sosyohan o nag-iisang pagmamay-ari, at anuman ang katangian ng serbisyo, ang tungkulin nito, o istraktura ng korporasyon o entidad nito. Para sa kalinawan, kabilang din sa "negosyo" ang for-profit, non-profit, o entidad na pang-edukasyon na nagsasagawa ng mga serbisyo o gawain sa ilalim ng kontrata sa isang ahensya ng gobyerno.
 - b. Ang "panakip sa mukha" ay nangangahulugan sa isang panakip sa mukha na mahusay ang pagkasya sa isang indibidwal at nakatakip sa ilong at bibig lalo na habang nakikipag-usap, naaayon sa patnubay ng CDPH sa <https://www.cdph.ca.gov/Programs/CID/DCDC/Pages/COVID-19/guidance-for-face-coverings.aspx>. Hindi kabilang sa isang panakip sa mukha ang isang scarf, ski mask, balaclava, bandana, turtleneck, kwelyo, o may isang layer ng tela o anumang maskara na may hindi nasalang one-way exhaust valve.
 - c. Ang "Tauhan" ay nangangahulugan sa mga sumusunod na indibidwal na nagbibigay ng mga kalakal o serbisyo o nagsasagawa ng mga operasyon na nauugnay sa negosyo o entidad ng gobyerno sa County: mga empleyado; mga kontratista at sub-kontratista (tulad ng mga nagbebenta ng mga kalakal o nagsasagawa ng mga serbisyo sa lokasyon o nagdi-deliver ng mga kalakal para sa negosyo); mga independyenteng kontratista (tulad ng mga "gig worker" na nagsasagawa ng trabaho sa pamamagitan ng aplikasyon ng negosyo o iba pang online interface); mga tindera na pinahihintulutang magbenta ng mga paninda sa lokasyon; mga boluntaryo; at iba pang mga indibidwal na regular na gumagawa ng mga serbisyo sa lokasyon sa kahilingan ng negosyo.

6. **Saan Naaangkop.** Lahat ng mga indibidwal, negosyo, at iba pang mga entidad sa County ay inuutusan na sumunod sa naaangkop na mga probisyon ng Kautusang ito. Para sa kalinawan, ang mga indibidwal na hindi kasalukuyang naninirahan sa County ay dapat sumunod sa lahat ng naaangkop na mga kinakailangan ng Kautusan kapag sila ay nasa County. Dapat sundin ng mga entidad ng gobyerno ang mga kinakailangan ng Kautusang ito na nalalapat sa mga negosyo, maliban kung partikular na iniutos ng Opisyal ng Pangkalusugan.

7. **Obligasyon na Sundin ang Mas Mahigpit na Kautusan.** Kung mayroong pagsalungat sa pagitan ng Kautusang ito at sa anumang kautusan na ipinalabas ng Opisyal ng Pampublikong Pangkalusugan ng Estado, ng Gobernador, o isang ahensya ng Estado (tulad ng California Division of Occupational Safety and Health (Cal/OSHA)) na may kaugnayan sa pandemyang COVID-19, ang pinakamahigpit na probisyon ang magkokontrol. Para sa kalinawan, ang lahat ng mga indibidwal at mga entidad ay dapat sumunod sa Kautusan ng Estado, sa anumang mahigpit na ipinapatupad na patnubay na ipinalabas ng Departamento ng Pampublikong Pangkalusugan ng California, anumang mahigpit na ipinapatupad na kautusan ng Gobernador o isang ahensya ng Estado, o anumang iba pang mahigpit na ipinapatupad na probisyon ng batas ng Estado hangga't mas mahigpit ito kaysa sa anumang probisyon ng Kautusang ito. Alinsunod sa seksyon 131080 ng Kodigo ng Kalusugan at Kaligtasan ng California at ang Gabay ng Pamamaraan para sa Pagkontrol sa Nakakahawang Sakit sa California ng Opisyal ng Pangkalusugan, maliban kung ang Opisyal ng Pangkalusugan ng Estado ay nagpalabas ng isang kautusan na malinaw na tumutugon sa Kautusang ito at batay sa napag-alaman na ang isang probisyon ng Kautusang ito ay bumubuo ng isang panganib sa kalusugan ng publiko, ang anumang mas mahigpit na mga pamamaraan sa Kautusang ito ay patuloy na nalalapat at magkokontrol sa County na ito. Bilang karagdagan, hangga't ang anumang mga alituntuning pederal ay hindi naaayon sa Kautusang ito, ang Kautusang ito ang magkokontrol.

8. **Obligasyon na Sumunod sa mga Direktiba ng Opisyal ng Pangkalusugan at Mahigpit na Ipinapatupad na Patnubay ng Estado.** Bilang karagdagan sa pagsunod sa lahat ng mga probisyon ng Kautusang ito, lahat ng mga indibidwal at entidad, kabilang ang lahat ng mga negosyo at entidad ng gobyerno, ay dapat ding sumunod sa anumang naaangkop na mga direktiba na ipinalabas ng Opisyal ng Pangkalusugan ng County at anumang naaangkop na mahigpit na ipinapatupad na patnubay na ipinalabas ng Departamento ng Pampublikong Pangkalusugan ng California. Hanggang sa kung may pagsalungat sa mga probisyon sa mga direktiba ng Opisyal ng Pangkalusugan ng County at patnubay ng Opisyal ng Pangkalusugan ng Estado, nalalapat ang mas mahigpit na mga probisyon.

9. **Pagpapatupad.** Alinsunod sa mga seksyong 26602 at 41601 ng Kodigo ng Gobyerno, seksyon 101029 ng Kodigo ng Kalusugan at Kaligtasan, at seksyon A1-34 ng Kodigo ng Ordinansa ng Santa Clara County *et seq.*, hinihiling ng Opisyal ng Pangkalusugan na ang Sheriff, lahat ng mga hepe ng pulisya sa County, at lahat ng mga opisyal ng pagpapatupad sa batas ay nagtitiyak sa pagsunod at pagpapatupad ng Kautusang ito. Ang paglabag sa anumang probisyon ng

Kautusang ito ay bumubuo ng napipintong banta at panganib sa kalusugan ng publiko, bumubuo ng isang panggugulo sa publiko, at mapaparusahan sa pamamagitan ng multa, pagkabilanggo, o pareho. Ang Kautusang ito ay napapailalim din sa awtoridad ng civil enforcement na itinatag ng Urgency Ordinance Num. NS-9.291.

10. **Epektibong Petsa.** Ang Kautusang ito ay epektibo sa 12:01 am sa Agosto 3, 2021. Ang Kautusang ito ay magpapatuloy na may bisa hanggang sa ito ay matanggal, mapalitan, o mabago sa pagsulat ng Opisyal ng Pangkalusugan.
11. **Mga kopya.** Ang mga kopya ng Kautusang ito ay dapat kaagad na: (1) magagamit sa County Government Center sa 70 W. Hedding Street, San José, California; (2) mai-post sa COVID-19 website ng Departamento ng Pamublikong Pangkalusugan ([covid19.sccgov.org](https://www.covid19.sccgov.org)); at (3) maibigay sa sinumang miyembro ng publiko na humihiling ng isang kopya ng Kautusang ito.
12. **Severability.** Kung mapawalang bisa ang anumang probisyon ng Kautusang ito o ang aplikasyon nito sa sinumang tao o pangyayari, ang natitirang Kautusan, kasama ang aplikasyon ng gayong bahagi o probisyon sa ibang mga tao o pangyayari, ay hindi maapektuhan at magpapatuloy na may bisa. Hanggang dito, ang mga probisyon ng Kautusang ito ay maaaring maihiwalay.

ITO AY INIUTOS:

Sara H. Cody, M.D.
Opisyal ng Pangkalusugan ng County ng Santa Clara

Petsa: _____

Inaprubahan bilang anyo at legalidad:

James R. Williams
Abugadong Tagapayo ng County

Petsa: _____